Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

# Epekto ng kombinasyon ng guided reading at vocabulary enrichment sa kasanayan sa pagbabasa ng mga mag-aaral ng Ikapitong Baitang sa Asignaturang Filipino

Gina Mae O. Gabilan*[1], Eva S. Balbada[2]
[1, 2] Graduate School, Eastern Samar State University, Borongan City
*Corresponding Author email: *gabilanginamaeorteza@gmail.com*

**Received**: 26 March 2026 **Revised**: 20 May 2026 **Accepted**: 26 May 2026

**Available Online**: 28 May 2026

**Volume 1 (2026), Issue 2, P-ISSN – 3116-4463; E-ISSN - 3116-4471**

https://doi.org/10.63498/pdpf6

**Abstrak**
**Layunin:** Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang epekto ng kombinasyon ng guided reading at vocabulary enrichment sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Ikapitong Baitang sa asignaturang Filipino, partikular sa kanilang pag-unawa sa binasa at antas ng pagkatutong natamo mula pretest hanggang posttest.
**Metodolohiya:** Gumamit ang pag-aaral ng quantitative approach gamit ang quasi-experimental research design. Binubuo ang mga kalahok ng 60 mag-aaral mula sa dalawang seksyon na hinati sa kontrol at eksperimental na grupo sa pamamagitan ng intact class sampling. Ginamit ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) bilang pretest at posttest, at ipinatupad ang interbensyon sa loob ng isang linggo. Sinuri ang datos gamit ang descriptive statistics at independent samples t-test.
**Resulta:** Ipinakita ng resulta na ang eksperimental na grupo ay nagkaroon ng mas mataas na pagtaas sa mean score mula 56.67 hanggang 81.33 kumpara sa kontrol na grupo na mula 61 hanggang 73. Ang antas ng pagkatutong natamo ng eksperimental na grupo na 40.6% ay higit na mas mataas kaysa sa kontrol na grupo na may 14.8%. Lumabas din sa pagsusuri na may makabuluhang pagkakaiba sa pretest at posttest scores at sa antas ng pagkatutong natamo ng dalawang grupo sa antas na $p<0.05$, na nagpapakita ng positibong epekto ng interbensyon.
**Konklusyon:** Napag-alaman na ang kombinasyon ng guided reading at vocabulary enrichment ay epektibong estratehiya sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ipinapakita rin ng pag-aaral na ang paggamit ng mga interbensyong ito ay maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng literasi at kalidad ng pagtuturo ng Filipino sa sekundaryang antas.
***Mga Susing Salita:*** *guided reading, vocabulary enrichment, kasanayan sa pagbasa, Phil-IRI, Ikapitong Baitang*

## INTRODUKSYON

Ang pagbasa ay isang pundamental na kasanayan na may mahalagang papel sa paghubog ng kaalaman, kritikal na pag-iisip, at kakayahang makilahok sa akademikong diskurso. Sa konteksto ng pananaliksik, ang pagbasa ay hindi lamang simpleng pagtanggap ng impormasyon kundi isang aktibong proseso ng pagsusuri, interpretasyon, at aplikasyon ng ebidensya. Ayon sa pag-aaral ni George (2024), ang mga akademikong akda na may mataas na epekto ay yaong tumutugon sa mahahalagang tanong, gumagamit ng mahigpit na metodolohiya, at nakatutulong sa pagpapabuti ng desisyon sa praktika at edukasyon, na pawang nakasalalay sa masusing pagbasa at pag-unawa ng mga iskolar. Ipinahihiwatig nito na ang pagbasa ay nagsisilbing tulay upang maisalin ang teoretikal na kaalaman tungo sa praktikal na aplikasyon. Sa gayon, ang pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ay hindi lamang mahalaga sa indibidwal na pagkatuto kundi kritikal din sa pagsulong ng iba't ibang larangan ng kaalaman at pananaliksik. Sa asignaturang Filipino, higit na mahalaga ang pagbasa sapagkat ito ay nagsisilbing daluyan ng pagpapahalaga sa sariling wika, kultura, at identidad ng mga Pilipino. Sa pamamagitan ng pagbasa sa Filipino, nahuhubog hindi lamang ang kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral kundi maging ang kanilang kakayahang makibahagi sa akademikong komunikasyon gamit ang wikang pambansa.

Sa pandaigdigang konteksto, ang suliranin sa pagbasa ay nananatiling isang seryosong hamon lalo na sa mga mag-aaral na gumagamit ng Ingles bilang pangalawang wika katulad ng English as a Foreign Language (EFL) o English as a Second Language (ESL). Ipinapakita ng iba't ibang pag-aaral na maraming mag-aaral ang nakararanas ng kahirapan sa pag-unawa ng teksto, partikular sa pagtukoy ng pangunahing ideya, pagbibigay-interpretasyon, at



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

paggawa ng inferensiya. Halimbawa, natuklasan na ang kakulangan sa bokabularyo, estruktura ng pangungusap, at estratehiya sa pagbasa ay pangunahing salik na nagpapababa sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral (Ramadhianti & Somba, 2022). Dagdag pa rito, ang limitadong kasanayan sa paggamit ng angkop na teknik sa pagbasa at kahinaan sa pagpoproseso ng impormasyon ay lalo pang nagpapahirap sa pag-unawa ng mga teksto (Selvathurai & Ismail, 2024). Sa ganitong kalagayan, ang problema sa pagbasa ay hindi lamang isyung lingguwistiko kundi isang komplikadong usapin na may kinalaman sa kognitibo at pedagogikal na aspeto ng pagkatuto. Ipinakikita rin ng mga pag-aaral na ang pag-unawa sa teksto ay naaapektuhan ng kontekstong kultural at wikang ginagamit sa pagkatuto, kaya't mahalagang isaalang-alang ang katangian ng wikang panturo sa pagpapaunlad ng literasi ng mga mag-aaral.

Higit pa rito, ang suliraning ito ay makikita rin sa iba't ibang bansa kung saan ang mababang antas ng kasanayan sa pagbasa ay may direktang epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ayon sa pananaliksik, ang kakulangan sa kakayahang umunawa ng mga tekstong Ingles ay nagiging hadlang sa pagkatuto at nagdudulot ng mababang resulta sa akademikong gawain (Edward et al., 2021). Bukod dito, ang kakulangan sa motibasyon at limitadong eksposyur sa pagbabasa ay ilan din sa mga dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang kasanayan (Al-Qahtani, 2023). Sa kabuuan, ipinapakita ng mga pag-aaral na ang problema sa pagbasa ay isang pandaigdigang isyu na nangangailangan ng mas sistematikong interbensyon sa edukasyon upang mapaunlad ang literasi at kakayahang pang-unawa ng mga mag-aaral. Dahil dito, patuloy na binibigyang-diin ng mga mananaliksik ang kahalagahan ng mga interbensyong pedagohikal na hindi lamang nakatuon sa kakayahang umunawa kundi maging sa paglinang ng kakayahang pangwika at komunikatibo ng mga mag-aaral.

Sa konteksto ng Pilipinas, ang suliranin sa pagbasa ay patuloy na kinakaharap bilang isang malalim at sistemikong isyu sa edukasyon. Ipinapakita ng mga pag-aaral na malaking porsyento ng mga mag-aaral ang hindi nakakamit ang inaasahang antas ng kasanayan sa pagbasa, kung saan tinatayang karamihan ay nahihirapan sa batayang pag-unawa at interpretasyon ng teksto (Estuya, 2024). Kaugnay nito, ang kakulangan sa suporta mula sa tahanan tulad ng limitadong babasahin, hindi angkop na kapaligiran, at kawalan ng regular na gawi sa pagbabasa ay may malaking epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Sa paaralan naman, ang kakulangan sa angkop na materyales at interbensyong pedagohikal ay lalo pang nagpapalala sa problema. Pinatutunayan din ng mga resulta ng Programme for International Student Assessment (PISA) na ang Pilipinas ay kabilang sa may pinakamababang antas ng kakayahang magbasa, kung saan maraming mag-aaral ang hindi nakakamit ang kahit pinakamababa na antas ng komprehensyon (Haw & King, 2023). Sa kontekstong ito, mahalagang kilalanin na ang pagbasa sa Filipino ay may natatanging papel sapagkat ito ay nakaugat sa karanasan, kultura, at identidad ng mga Pilipino bilang mga mambabasa at tagapaglikha ng kaalaman.

Dagdag pa rito, ang krisis sa literasi sa bansa ay hindi lamang nakatuon sa kakayahang bumasa kundi pati sa mas mataas na antas ng pag-unawa at kritikal na pag-iisip. Ayon sa mga pag-aaral, maraming Pilipinong mag-aaral ang nahihirapan sa pagtukoy ng pangunahing ideya, pag-uugnay ng impormasyon, at pagbuo ng malalim na interpretasyon ng teksto, na mahalaga sa akademikong tagumpay (Idulog et al., 2023). Higit pa rito, binibigyang-diin na ang mababang antas ng pagbasa ay may kaugnayan sa iba pang salik tulad ng sosyo-ekonomikong kalagayan, paraan ng pag-iisip ng mag-aaral, at kakulangan sa suporta mula sa sistemang pang-edukasyon (Haw & King, 2023). Sa kabuuan, ang suliranin sa pagbasa sa Pilipinas ay isang komplikadong isyu na nangangailangan ng integratibong tugon mula sa pamilya, paaralan, at pamahalaan upang mapabuti ang antas ng literasi sa bansa. Sa asignaturang Filipino, ang kahinaang ito sa pagbasa ay maaaring makaapekto hindi lamang sa akademikong pagganap kundi maging sa kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang Filipino bilang midyum ng kritikal na pag-iisip at makabuluhang komunikasyon.

Sa antas ng lokal na konteksto ng pananaliksik, malinaw na ipinapakita ng resulta ng Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) ang umiiral na hamon sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Alugan National School of Craftsmanship and Home Industries. Batay sa datos, 32% ng mga mag-aaral ay nasa independent level, na nagpapahiwatig na kaya nilang bumasa at umunawa nang may minimal na tulong; samantala, 47% ay nasa transitional level, kung saan kinakailangan pa rin nila ng gabay upang lubos na maunawaan ang teksto; at 21% naman ay nasa emergent level, na nangangahulugang sila ay may malaking pangangailangan sa pundamental na kasanayan sa pagbasa. Ipinahihiwatig ng distribusyong ito na bagama't may bahagi ng populasyon na nakaaabot sa inaasahang antas, nananatiling mayorya ng mga mag-aaral ang nangangailangan ng karagdagang interbensyon upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbasa. Sa ganitong kalagayan, mahalagang tutukan ng mga guro at institusyong pang-edukasyon ang pagbibigay ng angkop na estratehiya at programang pang-remedial upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral, lalo na yaong nasa transitional at emergent na mga antas, upang maiangat ang kabuuang antas ng literasi sa nasabing lokalidad. Mahalaga rin na ang mga interbensyong ito ay


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

nakabatay sa konteksto ng pagtuturo ng Filipino upang higit na mapalakas ang akademikong paggamit ng wikang Filipino at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong may kaugnayan sa kulturang Pilipino.

Mula sa mga problemang nabanggit, ang mga guro ay patuloy na nananaliksik ng mga iba't ibang pamamaraan o interbensiyon upang ito ay masolusyunan. Kabilang sa mga solusyon na patuloy na iniimbestigahan ay ang guided reading at vocabulary enrichment. Ang guided reading ay isang interbensyong pedagohikal na nakatuon sa pagbibigay ng sistematikong gabay sa mga mag-aaral habang sila ay nagbabasa, upang mapalakas ang kanilang komprehensyon at estratehiya sa pagproseso ng teksto. Sa pamamaraang ito, hinahati ang mga mag-aaral sa maliliit na grupo batay sa kanilang antas ng pagbasa, at binibigyan sila ng angkop na materyales at instruksyon na tumutugon sa kanilang pangangailangan. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang guided reading ay nakatutulong sa pagpapabuti ng pag-unawa sa teksto, paglinang ng kritikal na pag-iisip, at pagtaas ng kumpiyansa sa pagbasa ng mga mag-aaral (Sacares et al., 2023). Bukod dito, napapatunayan din na ang aktibong interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral sa loob ng guided reading sessions ay nagpapalalim sa pagkatuto at nagiging epektibong paraan upang matugunan ang iba't ibang kahirapan sa pagbasa (Roble, 2024). Sa kabuuan, ang guided reading ay isang mahalagang estratehiya upang matulungan ang mga mag-aaral na umangat mula sa emergent at transitional levels tungo sa independent level ng pagbasa. Sa asignaturang Filipino, mahalaga rin ang guided reading sapagkat nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na mas maunawaan ang mga tekstong nakaugat sa kulturang Pilipino at mapalalim ang kanilang kakayahang gumamit ng Filipino bilang wikang akademiko.

Samantala, ang vocabulary enrichment ay isang mahalagang interbensyon na nakatuon sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral bilang pundasyon ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa teksto. Ipinapakita ng mga pananaliksik na ang sistematikong pagtuturo ng mga bagong salita, kasama ang kanilang kahulugan at paggamit sa konteksto, ay mahalaga sa pagpapaunlad ng bokabularyo at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral (Pascual et al., 2022). Ang paggamit ng iba't ibang estratehiya tulad ng pagkatutong nakabatay sa konteksto, pagmamapa ng mga salita, at mga interaktibong gawain ay napatunayang epektibo sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga tekstong kanilang binabasa. Higit pa rito, ang patuloy na eksposyur sa mayamang bokabularyo ay hindi lamang nagpapabuti sa komprehensyon kundi pati sa kakayahang makipagkomunikasyon at magpahayag ng mas malalim na ideya gamit ang akademikong wika. Sa konteksto ng asignaturang Filipino, mahalaga ang vocabulary enrichment sa pagpapalawak ng talasalitaang Filipino ng mga mag-aaral na makatutulong sa mas epektibong pag-unawa sa mga tekstong pampanitikan at impormatibo, gayundin sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahang makibahagi sa akademikong diskurso gamit ang sariling wika.

Sa kabila ng umiiral na mga pag-aaral hinggil sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa, nananatiling may kakulangan sa pananaliksik na sabayang sinusuri ang epekto ng guided reading at vocabulary enrichment sa konteksto ng mga mag-aaral ng asignaturang Filipino sa sekundaryang antas, partikular sa Ikapitong Baitang. Karamihan sa mga naunang pag-aaral ay nakatuon lamang sa isang interbensyon o kaya'y isinagawa sa mga mag-aaral sa elementarya o sa ibang kontekstong pangwika, kaya't hindi lubos na natutugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa lokal na kaligiran na may iba't ibang antas ng kasanayan sa pagbasa, gaya ng ipinapakita ng resulta ng Phil-IRI. Dahil dito, may malinaw na puwang sa literatura hinggil sa pinagsamang epekto ng dalawang estratehiyang ito sa pagpapataas ng antas ng komprehensyon sa pagbasa. Ang kakulangan ng empirikal na ebidensya sa ganitong integratibong lapit ay naglilimita sa pagbuo ng mas epektibong programang pang-interbensyon na angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Higit pa rito, kakaunti rin ang mga pag-aaral na tumatalakay sa papel ng mga interbensyong ito sa pagpapalakas ng literasing Filipino, pagpapanatili ng kulturang Pilipino, at paggamit ng Filipino bilang midyum ng kritikal na pag-iisip at komunikasyong akademiko.

Kaugnay nito, layunin ng kasalukuyang pag-aaral na tukuyin at suriin ang bisa ng dalawang interbensyon, kapwa hiwalay at pinagsama, sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Partikular nitong nilalayon na masukat ang antas ng pagbabago sa kanilang komprehensyon sa pagbasa batay sa iba't ibang dimensyon tulad ng pag-unawa sa pangunahing ideya, pagbibigay-interpretasyon, at paggamit ng bokabularyo sa konteksto. Higit pa rito, inaasahan ng pag-aaral na makapagbigay ng empirikal na batayan para sa pagdisenyo ng mas angkop at epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa, na maaaring magamit ng mga guro at institusyong pang-edukasyon upang matugunan ang patuloy na suliranin sa literasi ng mga mag-aaral. Inaasahan ding makatutulong ang pag-aaral sa pagbuo ng mga programang pangkurikulum, pagsasanay ng mga guro, at mga susunod pang mga programang interbensyon sa literasiya na nakatuon sa pagpapalakas ng akademikong paggamit ng wikang Filipino. Sa mas malawak na pananaw, layunin din ng pag-aaral na maipakita ang kahalagahan ng pagbasa sa Filipino bilang instrumento sa paghubog ng kritikal na pag-iisip, identidad, at komunikasyong akademiko ng mga mag-aaral.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Teoretikal na Balangkas**

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa ilang mahahalagang teoryang may kaugnayan sa pagbasa, pagkatuto, at pedagohiya sa Filipino. Kabilang dito ang Sociocultural Theory ni Vygotsky, Schema Theory, Constructivist Theory, at Interactive Theory of Reading upang higit na maipaliwanag ang proseso ng guided reading at vocabulary enrichment sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ayon kay Vygotsky, ang pagkatuto ay nagaganap sa pamamagitan ng interaksiyong panlipunan at gabay ng mas may kaalamang indibidwal. Binibigyang-diin ng kaniyang Sociocultural Theory ang konsepto ng scaffolding at Zone of Proximal Development (ZPD), kung saan natututo ang mag-aaral sa tulong ng guro o kapwa mag-aaral hanggang sa makayanan niyang maisagawa ang gawain nang mag-isa (Vygotsky, 1978). Kaugnay nito, ang paggamit ng guided reading ay nagsisilbing estratehiya upang mabigyan ng angkop na suporta ang mga mag-aaral habang nililinang ang kanilang pag-unawa sa binabasa. Sa pamamagitan ng interaktibong talakayan at paggabay ng guro, napauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa, interpretasyon, at pagsusuri ng teksto.

Samantala, ipinaliliwanag ng Schema Theory na ang pag-unawa sa binabasa ay nakabatay sa dating kaalaman at karanasan ng mambabasa. Ayon kina Rumelhart (1980) at Anderson (1984), mas nagiging makahulugan ang pagbasa kapag naiuugnay ng mag-aaral ang bagong impormasyon sa dati na niyang kaalaman. Kaugnay nito, ang vocabulary enrichment ay mahalaga upang mapalawak ang iskema o schema ng mga mag-aaral, na tumutulong upang higit nilang maunawaan ang teksto at makabuo ng mas malalim na interpretasyon.

Dagdag pa rito, sinusuportahan ng Constructivist Theory ang ideya na ang pagkatuto ay aktibong binubuo ng mag-aaral mula sa kaniyang karanasan at interaksiyon sa kapaligiran (Piaget, 1972). Sa kontekstong ito, ang mga gawaing may kaugnayan sa guided reading at pagpapayaman ng talasalitaan ay nagiging daan upang makabuo ang mga mag-aaral ng sariling kahulugan mula sa tekstong kanilang binabasa. Hindi lamang simpleng pagtanggap ng impormasyon ang nagaganap kundi aktibong pagproseso at paglikha ng kaalaman.

Kaugnay rin nito ang Interactive Theory of Reading na nagsasaad na ang pag-unawa sa teksto ay resulta ng interaksiyon ng kaalaman ng mambabasa at impormasyong nasa teksto (Stanovich, 1980). Nangangahulugan ito na ang pagbasa ay hindi lamang pag-unawa sa pagbabaybay at tunog ng mga salita kundi aktibong proseso ng pag-unawa. Sa pamamagitan ng guided reading at vocabulary enrichment, higit na napauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang kanilang dating kaalaman at kasanayan sa pagproseso ng impormasyon upang maunawaan ang teksto.

Sa kabuuan, ang mga teoryang ito ang nagsisilbing pundasyon ng pag-aaral sapagkat ipinakikita ng mga ito na mahalaga ang interaksiyon, dating kaalaman, at aktibong pagkatuto sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Gagamitin din ang mga teoryang ito bilang batayan sa interpretasyon at pagsusuri ng mga datos na makakalap sa pag-aaral.

**Konseptuwal na Balangkas**

Ipinakikita sa konseptuwal na balangkas ng pag-aaral ang ugnayan ng mga baryabol na ginagamit sa pananaliksik. Ang mga estratehiyang guided reading at vocabulary enrichment ang nagsisilbing independiyenteng baryabol, samantalang ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ang dependiyenteng baryabol.




*Pigyur 1. Paradaym ng Pag-aaral*

Pinaniniwalaan sa pag-aaral na ang epektibong paggamit ng guided reading at vocabulary enrichment ay may positibong epekto sa pag-unawa sa binabasa, pagpapalawak ng bokabularyo, at pangkalahatang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga estratehiyang ito, inaasahang mapauunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa interpretasyon, pagsusuri, at pag-unawa sa tekstong Filipino.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Paglalahad ng Suliranin**

Sa kasalukuyan, patuloy na kinakaharap ng mga mag-aaral ang suliranin sa mababang antas ng kasanayan sa pagbasa, partikular sa pag-unawa sa binasa, interpretasyon ng teksto, at paggamit ng bokabularyo sa konteksto. Batay sa resulta ng Phil-IRI at iba pang pag-aaral, maraming mag-aaral sa sekundaryang antas ang nasa emergent at transitional na antas ng pagbasa, na nagpapakita ng pangangailangan para sa mas epektibong interbensyong pedagohikal sa asignaturang Filipino. Kaugnay nito, isinagawa ang pag-aaral na ito upang masuri ang epekto ng kombinasyon ng guided reading at vocabulary enrichment sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang.

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy kung may makabuluhang epekto ang kombinasyon ng guided reading at vocabulary enrichment sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral kumpara sa tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo.

**Layunin ng Pananaliksik**

**Pangkalahatang Layunin**

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang epekto ng kombinasyon ng guided reading at vocabulary enrichment sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang sa asignaturang Filipino.

**Tiyak na Layunin**

Partikular, nilalayon ng pag-aaral na:

1. matukoy ang iskor sa paunang pagsusulit (pretest) ng kontrol at eksperimental na grupo;
2. matukoy ang iskor sa panghuling pagsusulit (posttest) ng kontrol at eksperimental na grupo;
3. masukat ang antas ng pagkatutong natamo ng dalawang grupo;
4. matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit na mean scores ng dalawang grupo; at
5. matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa iskor ng antas ng pagkatutong natamo ng kontrol at eksperimental na grupo.

Partikular nitong hinangad na sagutin ang mga sumusunod na tanong sa pananaliksik:

1. Ano ang iskor sa paunang pagsusulit (pretest) ng mga mag-aaral sa kontrol at eksperimental na grupo bago ang implementasyon ng guided reading at vocabulary enrichment?
2. Ano ang iskor sa panghuling pagsusulit (posttest) ng mga mag-aaral sa kontrol at eksperimental na grupo matapos ang implementasyon ng guided reading at vocabulary enrichment?
3. Ano ang antas ng pagkatutong natamo (learning gain) ng mga mag-aaral batay sa resulta ng pretest at posttest sa parehong grupo?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit na mean scores ng kontrol at eksperimental na grupo?
5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pagkatutong natamo ng kontrol at eksperimental na grupo?

**HIPOTESIS**

Batay sa mga suliranin ng pag-aaral, ang sumusunod na mga hipotesis ay sinubok sa antas na 0.05 na kabuluhan:

$H0_1$: Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit na mean scores ng kontrol at eksperimental na grupo.

$Ha_1$: May makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit na mean scores ng kontrol at eksperimental na grupo.

$H0_2$: Walang makabuluhang pagkakaiba sa iskor ng antas ng pagkatutong natamo ng kontrol at eksperimental na grupo.

$Ha_2$: May makabuluhang pagkakaiba sa iskor antas ng pagkatutong natamo ng kontrol at eksperimental na grupo.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibong pamamaraan gamit ang disenyong pananaliksik na quasi-eksperimental upang matukoy ang epekto ng guided reading at vocabulary enrichment sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang disenyong pananaliksik na quasi-eksperimental ay isang uri ng disenyo ng pananaliksik na naglalayong tukuyin ang ugnayang sanhi at bunga sa pagitan ng mga baryabol, subalit hindi ito gumagamit ng sapalaran na pagtatalaga ng mga kalahok sa kontrol at eksperimental na grupo (Thomas, 2024). Sa halip, ang mga kalahok ay pinipili batay sa umiiral na grupo, na ginagawang mas angkop ang disenyo sa mga sitwasyong pang-edukasyon kung saan mahirap o hindi praktikal ang ganap na randomisasyon. Ang disenyong ito ay nakaangkla rin sa mga teorya ng pagbasa at konstruktibistang pedagohiya na nagbibigay-diin sa aktibong partisipasyon, scaffolding, at paglinang ng komprehensyon sa pamamagitan ng interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral.

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang disenyong pretest-posttest na may grupong kontrol, kung saan ang mga mag-aaral ay hinati sa kontrol at eksperimental na grupo upang masukat ang pagbabago sa kanilang kasanayan sa pagbasa bago at pagkatapos ng interbensyon. Ayon kina Capili at Anastasi (2024), ang ganitong uri ng disenyong pananaliksik na quasi-eksperimental ay karaniwang ginagamit sa larangan ng edukasyon at pananaliksik upang masuri ang bisa ng isang interbensyon sa aktwal na konteksto, lalo na kung may limitasyon sa kontrol at randomisasyon. Sa pamamagitan ng disenyong ito, naging posible ang sistematikong pagsusuri sa epekto ng guided reading at vocabulary enrichment sa pagganap ng mga mag-aaral, habang isinasaalang-alang ang mga umiiral na kondisyon sa silid-aralan. Ang interbensyon ay isinagawa sa loob ng limang sesyon sa loob ng isang linggo, kung saan bawat sesyon ay tumagal ng humigit-kumulang isang oras. Sa guided reading, ang mga mag-aaral ay binigyan ng mga tekstong angkop sa kanilang antas ng pagbasa at ginabayan sa pamamagitan ng pagtukoy ng pangunahing ideya, pagbibigay-interpretasyon, at pagsagot sa mga tanong na pampag-unawa. Samantala, sa vocabulary enrichment, isinagawa ang mga gawaing tulad ng pagkatutong nakabatay sa konteksto, pagmamapa ng mga salita, paggamit ng talasalitaan sa pangungusap, at mga interaktibong pagsasanay sa bokabularyo upang mapalawak ang bokabularyong Filipino ng mga kalahok. Ang mga materyales na ginamit ay mula sa mga tekstong angkop sa asignaturang Filipino sa Ikapitong Baitang upang mapanatili ang kaugnayan ng interbensyon sa kurikulum at konteksto ng pag-aaral.

### Populasyon at Sampol

Ang pag-aaral ay isinagawa sa 60 mag-aaral sa Ikapitong Baitang ng Alugan National School of Craftsmanship and Home Industries, kung saan 30 ang galing sa Seksyon A at 30 naman mula sa Seksyon B. Ang mga kalahok ay may tinatayang edad na 12 hanggang 13 taong gulang at binubuo ng parehong lalaki at babae. Ginamit ang intact class sampling, isang pamamaraan kung saan ang buong umiiral na klase ay pinipili bilang sampol sa halip na pumili ng indibidwal na mag-aaral nang sapalaran (Almaskut et al., 2021). Ang pamamaraang ito ay karaniwang ginagamit sa mga pananaliksik sa edukasyon, lalo na kung limitado ang oras o nais panatilihin ang natural na dinamika ng klase.

Sa ganitong disenyo, ang Seksyon A ay nagsilbing kontrol na grupo at ang Seksyon B bilang eksperimental na grupo upang masuri ang epekto ng kombinasyon ng guided reading at vocabulary enrichment sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, habang pinananatili ang praktikalidad at integridad ng setting ng silid-aralan. Ang pagtatalaga ng mga seksyon bilang kontrol at eksperimental na grupo ay isinagawa batay sa umiiral na organisasyon ng klase ng paaralan. Bago ang implementasyon ng interbensyon, isinagawa ang pretest upang matiyak na ang dalawang grupo ay may magkatulad na antas ng kasanayan sa pagbasa at maituturing na kahambing-hambing para sa layunin ng pag-aaral.

### Mga Ginamit na Instrumento sa Pananaliksik

Ang pangunahing instrumento na ginamit sa pag-aaral ay ang 20-aytem na Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI), na nagsilbing paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit upang masukat ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang Phil-IRI ay isang istandardisadong na instrumento na idinisenyo upang tukuyin ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral, kabilang ang kanilang kakayahang makilala ang mga salita, maunawaan ang pangunahing ideya, at gumawa ng inferensiya mula sa teksto. Ang instrumentong ito ay binuo at pinagtibay ng Department of Education (DepEd) bilang opisyal na instrumento sa pagtatasa ng pagbasa para sa mga mag-aaral sa Pilipinas. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang Phil-IRI sa orihinal nitong anyo at walang isinagawang modipikasyon sa



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

nilalaman ng pagsusulit upang mapanatili ang validity at reliability nito bilang istandardisadong instrumento sa pagtatasa.

Sa pamamagitan ng paggamit ng parehong paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit, naging posible ang pagsusuri ng pagbabago o antas ng pagkatutong natamo ng mga mag-aaral bago at matapos ang interbensyon gamit ang kombinasyon ng guided reading at vocabulary enrichment. Ang paggamit ng Phil-IRI ay nagbibigay ng maaasahang datos na nagbibigay-linaw sa epekto ng mga interbensyong pang-edukasyon sa antas ng literasi ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ang konsistensi ng instrumento ay tiniyak sa pamamagitan ng pare-parehong proseso ng administrasyon, instruksyon, at oras ng pagsusulit sa parehong paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit upang mabawasan ang posibleng pagkiling sa resulta.

**Pagkalap ng Datos**

Ang pangangalap ng datos para sa pag-aaral na ito ay isinagawa sa sistematikong paraan upang matiyak ang integridad at bisa ng pananaliksik. Unang hakbang ang pagkuha ng pahintulot mula sa paaralan at mga guro, pati na rin ang pagbibigay-alam sa mga magulang at mag-aaral tungkol sa layunin at proseso ng pananaliksik. Matapos makuha ang pahintulot, isinagawa ang paunang pagsusulit gamit ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) upang masukat ang kasalukuyang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa parehong kontrol at eksperimental na grupo. Isinagawa ang pag-aaral noong ikalawang semestre ng Taong Panuruan 2025–2026 sa loob ng regular na oras ng klase sa asignaturang Filipino.

Pagkatapos ng paunang pagsusulit, ipinatupad ang interbensyon sa loob ng isang linggo, kung saan ang eksperimental na grupo ay ginamitan ng guided reading at vocabulary enrichment, samantalang ang kontrol na grupo ay patuloy na tinuruan gamit ang tradisyunal na pamamaraan. Ang interbensyon ay isinagawa sa limang magkakasunod na sesyon na tumagal ng isang oras bawat araw. Sa bawat guided reading session, ang guro ay nagsagawa ng pagbibigay-gabay sa pagbabasa, pagtukoy ng mahahalagang detalye, pagtalakay sa kahulugan ng teksto, at pagsagot sa mga tanong na may kaugnayan sa komprehensyon. Samantala, sa vocabulary enrichment activities, isinagawa ang mga gawaing pagpapalawak ng talasalitaan tulad ng mga palatandaan sa konteksto, pagtutugma ng bokabularyo, semantikong pagmamapa, at paggamit ng mga bagong salita sa pangungusap. Ang interbensyon ay isinagawa sa regular na oras ng klase sa asignaturang Filipino upang masigurado ang natural na konteksto ng silid-aralan. Sa pagtatapos ng interbensyon, isinagawa ang panghuling pagsusulit gamit muli ang Phil-IRI upang masukat ang pagbabago sa kasanayan sa pagbasa ng parehong grupo. Ang pagkukumpara ng paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit na resulta ang ginamit upang suriin ang epekto ng kombinasyon ng guided reading at vocabulary enrichment sa pagbabasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang.

**Pagsusuri ng Datos**

Upang masuri at mailarawan nang mas malinaw ang mga datos na nakalap sa pananaliksik, ginamit ang deskriptibong istatistika at inperensyal na istatistika. Para sa deskriptibong istatistika, inobserbahan at binigyang-halaga ang bilang ng dalas at porsyento, mean, at standard deviation upang ilarawan ang pangkalahatang katangian ng mga kalahok at ang kanilang pagganap sa paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit. Ang bilang ng dalas at porsyento ay ginamit upang ipakita ang distribusyon ng mga mag-aaral ayon sa antas ng kanilang kakayahan sa pagbasa, habang ang mean at standard deviation ay nagbigay ng karaniwang pagganap at ang lawak ng pagkakaiba-iba ng mga marka ng mga respondente bago at pagkatapos ng interbensyon.

Samantalang para sa inperensyal na istatistika., ginamit ang paired samples t-test at independent samples t-test upang masuri ang makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pagsusulit. Ang paired samples t-test ay ginamit upang matukoy kung may makabuluhang pagbabago sa iskor sa paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit sa loob ng bawat grupo, samantalang ang independent samples t-test ay ginamit upang malaman kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa mean na iskor ng kontrol at eksperimental na grupo matapos ang aplikasyon ng interbensyon. Ang independent samples t-test ay isang estadistikal na pamamaraan na angkop kapag inihahambing ang mga mean ng dalawang hindi magkakaugnay na grupo upang matukoy kung ang anumang nakitang pagkakaiba ay hindi lamang bunga ng pagkakataon, kundi may estadistikal na kabuluhan (Janczyk & Pfister, 2023). Isinaalang-alang din sa pagsusuri ang mga pangunahing palagay ng t-test tulad ng normalidad, pagkakapareho ng baryans, at kalayaan ng mga obserbasyon upang matiyak ang pagiging angkop ng estadistikal na pagsusuri. Sa ganitong pagsusuri, nagiging posible na mapatunayan o maipawalang-bisa ang mga hipotesis ng pag-aaral batay sa antas ng kabuluhan na itinakda sa .05, at masuri ang epekto ng guided reading at vocabulary enrichment sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Mga Pagsasaalang-alang sa Etika**

Sa pagsasagawa ng pag-aaral, isinailalim ang bawat hakbang sa mahigpit na etikal na pamantayan upang matiyak ang karapatan at kapakanan ng mga kalahok. Una, nakuha ang pahintulot mula sa administrasyon ng Alugan National School of Craftsmanship and Home Industries, mga guro, at mga magulang ng mga mag-aaral, pati na rin ang malinaw na pagpapaliwanag sa layunin at proseso ng pananaliksik. Ang partisipasyon ng mga mag-aaral ay boluntaryo, at ipinaalam sa kanila na maaari silang umatras sa pag-aaral anumang oras nang walang anumang negatibong epekto o kaparusahan. Pangalawa, tiniyak ang pagiging hindi nakikilala ng mga kalahok sa pamamagitan ng hindi paggamit ng kanilang mga pangalan o anumang personal na impormasyon sa pagsusuri at ulat ng resulta, upang mapanatili ang pagiging pribado ng kanilang pagkakakilanlan. Panghuli, pinangalagaan ang pagiging kumpidensiyal ng lahat ng datos na nakalap; ang mga sagot sa paunang pagsusulit, panghuling pagsusulit, at anumang obserbasyon ay iniimbak at pinroseso sa ligtas na paraan, at tanging ang mga mananaliksik lamang ang may akses sa impormasyong ito. Sa ganitong pamamaraan, naipakita ang pagsunod sa etikal na pamantayan sa pananaliksik at ang paggalang sa karapatan ng mga mag-aaral bilang kalahok.

**MGA RESULTA AT TALAKAYAN**

**Iskor sa Paunang Pagsusulit (pretest) ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang**

Ang resulta ng paunang pagsusulit (pretest) na ipinakita sa talahanayan 1 ay nagpapakita ng kasalukuyang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang bago ang implementasyon ng anumang interbensyon. Makikita na sa kontrol na grupo, 16.67% lamang ang nasa independent level, 36.67% ang nasa transitional level, at ang pinakamalaking bahagdan na 46.67% ay nasa emergent level. Samantala, sa eksperimental na grupo, mas mababa pa ang porsyento ng mga mag-aaral sa independent level (10.00%), habang 33.33% ang nasa transitional level at karamihan, o 56.67%, ay nasa emergent level. Ipinapakita rin ng mean scores na ang kontrol na grupo (M = 61.00, SD = 14.73) ay bahagyang mas mataas kumpara sa eksperimental na grupo (M = 56.67, SD = 15.28), subalit kapansin-pansin na ang parehong grupo ay may malaking bilang ng mga mag-aaral na nasa mababang antas ng pagbasa.

**Talahanayan 1**
*Iskor sa Paunang Pagsusulit (pretest) ng Kontrol at Eksperimental na Grupo*

| Iskor sa Pag-unawa *(in %)* | Antas ng Pasalitang Pagbasa | Kontrol na Grupo | | Eksperimental na Grupo | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | F | % | F | % |
| 80-100% | *Independent* | 5 | 16.67 | 3 | 10.00 |
| 59-79% | *Transitional* | 11 | 36.67 | 10 | 33.33 |
| 58% pababa | *Emergent* | 14 | 46.67 | 17 | 56.67 |
| **Kabuuan** | | 30 | 100 | 30 | 100 |
| ***Mean*** | | 61.00 | | 56.67 | |
| ***Standard Deviation*** | | 14.73 | | 15.28 | |

Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na bago ang interbensyon, ang karamihan sa mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-unawa ng teksto at hindi pa nakakamit ang inaasahang antas ng kasanayan sa pagbasa para sa kanilang baitang. Ang mataas na porsyento ng mga mag-aaral sa emergent level ay nagpapakita ng pangangailangan para sa agarang interbensyong pang-edukasyon upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagbasa. Ang natuklasang ito ay kaayon ng pag-aaral nina Haw at King (2023) na nagsasabing maraming Pilipinong mag-aaral ang hindi nakaaabot sa minimum proficiency level sa pagbasa dahil sa mga salik na may kaugnayan sa sosyo-kultural na konteksto at limitadong literacy support. Gayundin, binigyang-diin nina Idulog et al. (2023) na ang mababang antas ng komprehensyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Pilipinas ay may kaugnayan sa kahinaan sa pagproseso ng impormasyon at limitadong estratehiya sa pagbasa.

Bukod dito, ang halos magkaparehong distribusyon ng dalawang grupo ay nagpapahiwatig na sila ay maihahambing bago ang implementasyon ng guided reading at vocabulary enrichment, kaya't ang anumang pagbabago sa panghuling pagsusulit ay maaaring maiugnay sa epekto ng interbensyon. Ang pagkakaroon ng


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

malaking bilang ng mga mag-aaral sa emergent level ay maaari ring maiugnay sa limitadong bokabularyo at kakulangan sa dating kaalaman o schema na mahalaga sa pag-unawa ng teksto, gaya ng ipinaliwanag nina Anderson (1984) at Rumelhart (1980). Sa konteksto ng asignaturang Filipino, ipinapakita nito na hindi lamang pag-unawa sa tunog at baybay ng mga salita ang suliranin kundi maging ang kakayahan ng mga mag-aaral na gamitin ang Filipino bilang wika ng akademikong pag-unawa at kritikal na pag-iisip. Sa kabuuan, ang resulta ng paunang pagsusulit ay nagsisilbing mahalagang batayan na nagpapatibay sa pangangailangan ng pag-aaral at nagbibigay-diin sa kahalagahan ng paggamit ng angkop na estratehiya upang mapabuti ang literasi ng mga mag-aaral.

**Iskor sa Panghuling Pagsusulit (posttest) ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang**

Ang resulta ng panghuling pagsusulit (posttest) na ipinakita sa talahanayan 2 ay nagpapakita ng malinaw na pag-unlad sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa parehong kontrol at eksperimental na grupo matapos ang implementasyon ng interbensyon. Sa kontrol na grupo, tumaas ang bilang ng mga mag-aaral sa independent level mula 16.67% sa paunang pagsusulit tungo sa 30.00% sa panghuling pagsusulit, habang ang nasa emergent level ay bumaba mula 46.67% patungong 16.67%. Gayundin, sa eksperimental na grupo, makikita ang mas kapansin-pansing pagbabago, kung saan ang porsyento ng mga mag-aaral sa independent level ay tumaas nang malaki mula 10.00% patungong 53.33%, at ang nasa emergent level ay bumaba mula 56.67% patungong 6.67% na lamang. Ipinapakita rin ng mean scores na ang kontrol na grupo ay umangat sa M = 73.00 (SD = 11.60), samantalang ang eksperimental na grupo ay nakamit ang mas mataas na mean na M = 81.33 (SD = 10.42).

**Talahanayan 2**
*Iskor sa Panghuling Pagsusulit (posttest) ng Kontrol at Eksperimental na Grupo*

| **Iskor sa Pag-unawa *(in %)*** | **Antas ng Pasalitang Pagbasa** | **Kontrol na Grupo** | | **Eksperimental na Grupo** | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | **F** | **%** | **F** | **%** |
| 80-100% | *Independent* | 9 | 30.00 | 16 | 53.33 |
| 59-79% | *Transitional* | 16 | 53.33 | 17 | 56.67 |
| 58% pababa | *Emergent* | 5 | 16.67 | 2 | 6.67 |
| **Kabuuan** | | 30 | 100 | 30 | 100 |
| ***Mean*** | | 73.00 | | 81.33 | |
| ***Standard Deviation*** | | 11.60 | | 10.42 | |

Ang mga pagbabagong ito ay nagpapahiwatig na ang parehong grupo ay nagkaroon ng pag-unlad sa kanilang kakayahan sa pagbasa, subalit mas malaki at mas makabuluhan ang pag-angat sa eksperimental na grupo. Ang malaking pagtaas ng bilang ng mga mag-aaral sa independent level at ang pagbawas ng nasa emergent level sa eksperimental na grupo ay nagpapakita ng positibong epekto ng guided reading at vocabulary enrichment bilang mga interbensyong pedagohikal. Ang resulta ay umaayon sa pag-aaral nina Sacares et al. (2023) na nagpatunay na ang guided oral reading ay nakapagpapataas ng reading comprehension sa pamamagitan ng sistematikong paggabay at interaktibong talakayan sa pagbasa. Gayundin, ipinakita ni Roble (2024) na ang guided reading ay epektibong nakapagpapabuti sa pag-unawa sa binasa at kasanayan sa katatasan (fluency) ng mga mag-aaral dahil sa suportang paunti-unting ibinibigay (scaffolding) at agarang feedback mula sa guro.

Ipinapahiwatig nito na ang mga estratehiyang ito ay epektibong nakatutulong sa pagpapabuti ng reading comprehension, paglinang ng bokabularyo, at pagpapataas ng antas ng pag-unawa sa teksto. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Pascual et al. (2022) na ang paggamit ng iba't ibang mga estratehiya sa pagkatuto ng bokabularyo ay nakatutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral, na mahalagang salik sa mas mabisang pag-unawa sa binabasang teksto. Sa perspektiba ng Sociocultural Theory ni Vygotsky (1978), maaaring ipaliwanag ang pag-unlad ng mga mag-aaral bilang bunga ng scaffolded learning kung saan ang guro ay nagsisilbing gabay upang mapalawak ang kakayahan ng mag-aaral hanggang sa makamit nila ang independent reading level. Sa asignaturang Filipino, ipinapakita rin ng resulta na ang paggamit ng guided reading at vocabulary enrichment ay nakatutulong sa pagpapalawak ng akademikong bokabularyong Filipino at sa pagpapalalim ng pag-unawa sa mga tekstong nakaugat sa kulturang Pilipino. Sa kabuuan, ang resulta ng posttest ay nagpapatunay na ang paggamit ng angkop at sistematikong interbensyon ay may mahalagang papel sa pagpapataas ng antas ng literasi ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Iskor ng Antas ng Pagkatutong Natamo mula sa Pretest at Posttest ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang**

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita ng iskor ng antas ng pagkatutong natamo ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang batay sa pagkakaiba ng kanilang marka sa pauna at panghuling pagsusulit. Makikita na sa kontrol na grupo, ang karamihan ng mga mag-aaral (83.33%) ay nakapagtala lamang ng antas ng pagkatutong natamo na nasa 11–20%, habang 16.67% naman ang nasa 21–30%. Walang mag-aaral sa grupong ito ang umabot sa mas mataas na antas ng pagkatutong natamo (31% pataas), na nagpapahiwatig ng limitadong pag-unlad sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Ito ay pinatutunayan din ng mababang mean gain na 14.8% at maliit na standard deviation (SD = 4.2), na nagpapakita ng bahagyang at halos magkakatulad na pagtaas ng marka ng mga mag-aaral sa kontrol na grupo.

**Talahanayan 3**
*Iskor ng Antas ng Pagkatutong Natamo mula sa Pretest at Posttest ng Kontrol at Eksperimental na Grupo*

| Porsyento ng Antas ng Pagkatutong Natamo | Kontrol na Grupo | | Eksperimental na Grupo | |
|---|---|---|---|---|
| | F | % | F | % |
| 61-70 | 0 | 0 | 1 | 3.33 |
| 51-60 | 0 | 0 | 4 | 13.33 |
| 41-50 | 0 | 0 | 15 | 50.00 |
| 31-40 | 0 | 0 | 7 | 23.33 |
| 21-30 | 5 | 16.67 | 3 | 10.00 |
| 11 to 20 | 25 | 83.33 | 0 | 0 |
| **Total** | **30** | **100** | **30** | **100** |
| **Mean** | **14.8** | | **40.6** | |
| **Standard Deviation** | **4.2** | | **12.3** | |

Sa kabilang banda, ang eksperimental na grupo ay nagpakita ng mas mataas at mas malawak na pag-unlad. Karamihan sa mga mag-aaral ay nasa 41–50% na antas ng pagkatutong natamo (50.00%), sinundan ng mga nasa 31–40% (23.33%) at 51–60% (13.33%). Mayroon ding ilang mag-aaral na umabot sa 61–70% na antas (3.33%). Ang kawalan ng mga mag-aaral sa mababababang antas ng pagkatutong natamo (0–20%) ay nagpapakita na halos lahat ay nakaranas ng makabuluhang pagtaas sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Ito ay sinusuportahan ng mataas na mean gain na 40.6% at mas malaking standard deviation (SD = 12.3), na nagpapakita ng mas malaki ngunit bahagyang magkakaibang antas ng pag-unlad sa loob ng grupo.

Ang mga resultang ito ay nagpapahiwatig na ang guided reading at vocabulary enrichment ay may malaking epekto sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang malaking agwat sa pagitan ng antas ng pagkatutong natamo ng kontrol at eksperimental na grupo ay nagpapakita na ang interbensyon ay hindi lamang nakapagpataas ng marka kundi nagdulot din ng mas malalim na pag-unlad sa pag-unawa sa teksto. Maiuugnay ito sa Interactive Theory of Reading ni Stanovich (1980) na nagsasabing ang pag-unawa ay bunga ng interaksiyon ng dating kaalaman ng mambabasa at impormasyong mula sa teksto. Sa pamamagitan ng vocabulary enrichment, mas napalawak ang linguistikong kaalaman ng mga mag-aaral habang ang guided reading naman ay nagbigay ng estrukturadong suporta upang maiproseso nila ang kahulugan ng teksto.

Gayunpaman, mahalagang tandaan na may ilang mag-aaral pa ring hindi nakaabot sa pinakamataas na antas ng pagkatutong natamo. Maaaring dulot ito ng iba't ibang salik tulad ng eksposyur sa pagbabasa, kakulangan sa suporta sa tahanan, at pagkakaiba-iba sa motibasyon ng mga mag-aaral, gaya ng binanggit nina Estuya (2024). Ipinapakita nito na bagama't epektibo ang interbensyon, mahalaga pa ring isaalang-alang ang indibidwal at sosyo-kultural na konteksto ng mga mag-aaral sa pagdidisenyo ng mga programang pampagbasa. Sa implikasyon, ipinapakita ng pag-aaral na ang paggamit ng mga estratehiyang nakatuon sa gabay na pagbasa at pagpapalawak ng bokabularyo ay mahalagang isaalang-alang sa pagtuturo ng Filipino upang mapaunlad hindi lamang ang komprehensyon kundi maging ang akademikong paggamit ng wikang Filipino.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Pagkakaiba sa Pagitan ng Pretest at Posttest na Mean Scores ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang**

Ang talahanayan 4 ay nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng paunang pagsusulit at panghuling pasusulit na mean scores ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang sa kontrol at eksperimental na grupo. Makikita na ang kontrol na grupo ay nagkaroon ng pagtaas mula sa mean na 61 sa paunang pagsusulit tungo sa 73 sa panghuling pagsusulit, na may mean difference na 12.00. Ang resulta ng t-test ($t = 4.5$, $p = 0.032$) ay nagpapakita na ang pagbabagong ito ay istatistikang makabuluhan, na nangangahulugang may tunay na pag-unlad sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral kahit na sila ay tinuruan gamit ang tradisyunal na pamamaraan.

**Talahanayan 4**

*Resulta ng Paired Samples t-test Pretest at Posttest na Mean Scores ng Kontrol at Eksperimental na Grupo*

| | Mean Scores | | Mean Difference | T | Sig. (2-tailed) | Findings |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Pretest | Posttest | | | | |
| Kontrol | 61 | 73 | 12.00 | 4.5 | 0.032 | Significant |
| Eksperimental | 56.67 | 81.33 | 24.66 | 12.8 | 0.025 | Significant |

Samantala, ang eksperimental na grupo ay nagpakita ng mas malaking pagtaas mula sa mean na 56.67 sa paunang pagsusulit patungong 81.33 sa panghuling pagsusulit, na may mean difference na 24.66. Ang resulta ng t-test ($t = 12.8$, $p = 0.025$) ay nagpapakita rin ng istatistikang makabuluhan na pagkakaiba. Gayunpaman, ang mas mataas na mean difference at t-value ng eksperimental na grupo ay nagpapahiwatig ng mas malakas na epekto ng interbensyon kumpara sa kontrol na grupo.

Ipinapahiwatig ng mga resultang ito na bagama't parehong grupo ay nagkaroon ng pag-unlad, mas kapansin-pansin at mas malaki ang naging pagbabago sa eksperimental na grupo na ginamitan ng guided reading at vocabulary enrichment. Pinatutunayan nito na ang paggamit ng mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay mas epektibo sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa at kasanayan ng mga mag-aaral kumpara sa tradisyunal na pamamaraan. Ang resulta ay sumusuporta sa mga natuklasan nina Ramadhianti at Somba (2022) at Selvathurai at Ismail (2024) na nagsasabing ang sistematikong paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa at paglinang ng bokabularyo ay mahalaga upang mapagtagumpayan ang kahinaan sa comprehension ng mga mag-aaral.

Maaari ring ipaliwanag ang resulta gamit ang Constructivist Theory ni Piaget (1972), kung saan ang pagkatuto ay bunga ng aktibong pagbuo ng kahulugan mula sa karanasan. Sa guided reading sessions, nagkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na aktibong makibahagi sa pagtalakay ng teksto, magbigay ng interpretasyon, at maiugnay ang binabasa sa kanilang sariling karanasan. Sa asignaturang Filipino, mahalaga ito sapagkat napalalalim nito ang kakayahan ng mga mag-aaral na umunawa sa mga tekstong pampanitikan at impormatibo gamit ang sariling wika. Samakatuwid, mahalagang isaalang-alang ng mga guro ang integrasyon ng mga ganitong interbensyon upang higit na mapaunlad ang literasi ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang.

**Pagkakaiba sa Pagitan ng Iskor ng Antas ng Pagkatutong Natamo ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baitang**

Ang talahanayan 5 ay nagpapakita ng pagkakaiba sa iskor ng antas ng pagkatutong natamo ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang sa pagitan ng kontrol at eksperimental na grupo. Makikita na ang kontrol na grupo ay may mean gain na 14.8% na may standard deviation na 4.2, samantalang ang eksperimental na grupo ay may mas mataas na mean gain na 40.6% at standard deviation na 12.3. Ang resulta ng t-test ($t = 11.2$, $p = 0.001$) ay nagpapakita na ang pagkakaiba sa antas ng pagkatutong natamo ng dalawang grupo ay istatistikang makabuluhan, na nangangahulugang ang naobserbahang pagkakaiba ay hindi lamang dulot ng pagkakataon kundi may tunay na epekto.

**Talahanayan 5**

*Resulta ng Independent Samples t-test sa Antas ng Pagkatutong Natamo ng Kontrol at Eksperimental na Grupo*

| | Mean Gain in % | Standard Deviation | t | Sig. (2-tailed) | Findings |
|---|---|---|---|---|---|
| Kontrol | 14.8 | 4.2 | 11.2 | 0.001 | Significant |
| Eksperimental | 40.6 | 12.3 | | | |



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Ipinapahiwatig ng mga resultang ito na ang mga mag-aaral sa eksperimental na grupo ay nakaranas ng mas malaking pag-unlad sa kanilang kasanayan sa pagbasa kumpara sa kontrol na grupo. Ang mataas na mean gain ng eksperimental na grupo ay nagpapakita ng epektibong kontribusyon ng guided reading at vocabulary enrichment sa pagpapataas ng kanilang komprehensyon sa pagbasa. Samantala, ang mas mababang mean gain ng kontrol na grupo ay nagpapahiwatig na bagama't may kaunting pag-unlad, hindi ito kasing-laki ng naging epekto sa eksperimental na grupo.

Ang resultang ito ay nagpapakita na ang paggamit ng mga interbensyong nakatuon sa gabay na pagbasa at pagpapalawak ng bokabularyo ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasan ay umaayon sa pag-aaral nina Sacares et al. (2023) at Roble (2024) na nagpatunay sa pagiging epektibo ng guided reading sa pagpapataas ng komprehensyon at katatasan. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Pascual et al. (2022) na mahalaga ang sistematikong paggamit ng mga estratehiya sa pagkatuto ng bokabularyo upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng pangalawang wika.

Sa mas malalim na pananaw, ipinapakita ng resulta na ang interbensyon ay hindi lamang simpleng teknik sa pagtuturo kundi isang mahalagang lapit sa pagpapaunlad ng literasing Filipino. Sa pamamagitan ng pagpapayaman ng bokabularyong Filipino at paggabay sa pag-unawa ng mga tekstong may kontekstong Pilipino, mas nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip, interpretasyon, at akademikong komunikasyon gamit ang wikang Filipino. Gayunpaman, mahalagang kilalanin na may pagkakaiba-iba pa rin sa antas ng pag-unlad ng mga mag-aaral, na maaaring nakaapekto ang kanilang motibasyon, dating kaalaman, at suportang natatanggap mula sa tahanan at paaralan. Iminumungkahi nito na ang mga susunod na interbensyon ay dapat maging mas kontekstuwalisado at sensitibo sa iba't ibang pangangailangan ng mga mag-aaral upang higit pang mapataas ang antas ng literasi sa Filipino.

**Kongklusyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napag-alaman na ang kombinasyon ng guided reading at vocabulary enrichment ay may positibo at makabuluhang epekto sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Ikapitong Baitang sa asignaturang Filipino. Bagama't kapwa nagkaroon ng pag-unlad ang kontrol at eksperimental na grupo mula pretest hanggang posttest, mas mataas ang naging pagtaas ng marka at antas ng pagkatutong natamo ng eksperimental na grupo. Ipinapakita ng resulta na ang sistematikong paggamit ng guided reading at pagpapalawak ng bokabularyo ay nakatutulong sa pagpapalalim ng pag-unawa sa binasa at pagpapaunlad ng kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral.

Higit pa rito, ipinahihiwatig ng pag-aaral na ang paggamit ng mga interbensyong nakatuon sa literasi ay maaaring maging mahalagang bahagi ng pedagohiya sa pagtuturo ng Filipino, lalo na sa pagpapataas ng antas ng pag-unawa, kritikal na pag-iisip, at paggamit ng wikang Filipino sa akademikong konteksto.

**Rekomendasyon**

Batay sa natuklasan ng pag-aaral, maaaring isaalang-alang ng mga guro sa Filipino ang paggamit ng kombinasyon ng guided reading at vocabulary enrichment bilang bahagi ng kanilang regular na pagtuturo upang higit na mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Maaari ring suportahan ng mga administrador ng paaralan ang implementasyon ng mga interbensyong ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagsasanay, kagamitang panturo, at sapat na oras para sa literacy instruction.

Sa antas ng Kagawaran ng Edukasyon, maaaring paunlarin ang mga programang nakatuon sa pagpapalakas ng literasi at paglinang ng bokabularyo bilang bahagi ng pagpapabuti ng pagtuturo sa asignaturang Filipino. Para naman sa mga susunod na mananaliksik, maaaring magsagawa ng kahalintulad na pag-aaral gamit ang mas malaking bilang ng kalahok, mas mahabang panahon ng implementasyon, o iba pang estratehiyang pang-interbensyon upang higit pang mapalawak ang kaalaman hinggil sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino.

**MGA SANGGUNIAN**

Almaskut, A., LaRoche, S., & Foy, P. (2021). *Chapter 3-Sample Design in PIRLS 2021*. Retrieved from https://pirls2021.org/wp-content/uploads/2023/02/P21_MP_Ch3-sample-design.pdf

Anderson, R. C. (1984). Role of the reader's schema in comprehension, learning, and memory. In R. C. Anderson, J. Osborn, & R. Tierney (Eds.), *Learning to read in American schools* (pp. 243–257). Lawrence Erlbaum



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Associates. https://doi.org/10.4324/9781315110592-9

Capili, B., & Anastasi, J. K. (2024). An introduction to types of quasi-experimental designs. *AJN, American Journal of Nursing, 124*(11), 50–52. https://doi.org/10.1097/01.NAJ.0001081740.74815.20

Edward, E. I., Kamlun, K., Din, W. A., & Pudin, C. S. J. (2021). Reading difficulties among Malaysian undergraduate ESL learners: A preliminary study. *International Journal of Education, Psychology and Counseling*, *6*(43), 62–70. https://doi.org/10.35631/IJEPC.643006

Estuya, J. A. (2024). *Home and school-based factors affecting the reading performance of frustration-level readers*. ResearchGate. https://doi.org/10.69502/AUCM6124

George, S. Z. (2024). *My view of PTJ: How potential for impact is factored into article review*. Ph*ysical Therapy, 104*(4), pzae060. https://doi.org/10.1093/ptj/pzae060

Haw, J. Y., & King, R. B. (2023). Understanding Filipino students' achievement in PISA: The roles of personal characteristics, proximal processes, and social contexts. *Social Psychology of Education, 26*, 1089–1126. https://doi.org/10.1007/s11218-023-09773-3

Idulog, M. V., Gadiano, R., Toledo, E., Hermosada, M., Casaldon, H., Mariposa, M., Geron, C., Dequito, E., Genanda, J., Malipot, M. A., Pentang, J., & Bautista, R. (2023). Filipino students' reading abilities: A note on the challenges and potential areas for improvement. *International Journal of Education and Teaching Zone, 2*(2), 233–242. https://doi.org/10.57092/ijetz.v2i2.128

Janczyk, M., & Pfister, R. (2023). *Understanding Inferential Statistics*. Springer. https://doi.org/10.1007/978-3-662-66786-6

Pascual, L. C., Dionisio, G., & Ilustre, R. (2022). Vocabulary acquisition and learning strategies in second language learning: A review paper. *International Journal of English Language Studies, 4*(3), 58–62. https://doi.org/10.32996/ijels.2022.4.3.9

Piaget, J. (1972). *The psychology of the child*. Basic Books. https://archive.org/details/psychologyofchil00piag_0/page/n7/mode/2up

Ramadhianti, A., & Somba, S. (2022). Reading comprehension difficulties in Indonesian EFL students. *Journal of English Language Teaching and Literature, 6*(1). https://doi.org/10.47080/jeltl.v6i1.2477

Roble, J. C. (2024). Effectiveness of guided reading instruction in improving the comprehension and fluency skills of the Grade 2 learners: Basis for instructional supervision. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, *4*(4). https://www.semanticscholar.org/paper/Effectiveness-of-Guided-Reading-Instruction-in-the-Roble/be5146cafcd27aedb0a4aa9f0df49c9988dbdc64

Rumelhart, D. E. (1980). Schemata: The building blocks of cognition. In R. J. Spiro, B. Bruce, & W. Brewer (Eds.), *Theoretical issues in reading comprehension* (pp. 33–58). Lawrence Erlbaum Associates. https://books.google.com.ph/books/about/Schemata.html?id=qrWmZwEACAAJ&redir_esc=y

Sacares, J.P., Apiado, M.K.T., Lucernas, L.M.T., Mercado, N.M.A. & Geagonia, J.D. (2023). Impact of guided oral reading approach to students' reading comprehension. *The Research Probe, 3*(2), 28-33. https://doi.org/10.53378/trp.12232



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Selvathurai, S., & Ismail, H. H. (2024). Second language learners' difficulties in reading comprehension: A review. *International Journal of Academic Research in Progressive Education and Development*, *13*(4), 3840–3852. https://doi.org/10.6007/IJARPED/v13-i4/23972

Stanovich, K. E. (1980). Toward an interactive-compensatory model of individual differences in the development of reading fluency. *Reading Research Quarterly, 16*(1), 32–71. https://doi.org/10.2307/747348

Thomas, L. (2024). Quasi-experimental design: Definition, types, and examples. *Scribbr*. https://www.scribbr.com/methodology/quasi-experimental-design/

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press. https://books.google.com.ph/books?id=Irq913lEZ1QC&redir_esc=y